



The Childhood Experiences Questionnaire

Pangunahing Imbestigador:	Dr. Alisa Almas, Research Associate, Human Early Learning Partnership, UBC, alisa.almas@ubc.ca (604-827-1518)
Pangunahing Kontak:	Roberta O'Brien, CHEQ/EDI Implementation Manager, Human Early Learning Partnership, UBC, roberta.obrien@ubc.ca (604-916-1051)
Petsa:	Setyembre 2021

Ang Childhood Experiences Questionnaire (CHEQ) ay isang questionnaire na kinukumpleto ng mga magulang/tagapag-alaga sa simula ng school year ng Kindergarten. Kinokolekta ng CHEQ ang impormasyon sa mga karanasan na ganap na nauugnay sa kalusugan at kagalingan, edukasyon at mga sosyal na kalalabasan ng mga bata. Ginagamit ito upang matulungan ang mga teacher, administrador ng school at mga partner ng komunidad na magbigay at ma-improve ang mga naka-target na suporta para sa mga bata at pamilya sa British Columbia. Ang inyong school district ay nakiki-partner sa Human Early Learning Partnership (HELP) upang isagawa ang CHEQ. Narito kami para sagutin ang anuman sa inyong mga tanong.

SA ISANG SULYAP

- Ang CHEQ ay aabutin ng mga 30 minuto para makumpleto
- Boluntaryo ang partisipasyon
- Naka-summarize ang impormasyon sa mga report para sa indibiduwal, classroom, school at district

Nasasa-inyo ang pagkumpleto ng CHEQ. May karapatan kayong tanggihan na kumpletuhin ito. Kung pinili ninyong kumpletuhin ito, maaari kayong huminto anumang oras sa pag-click sa “Withdraw” nang walang negatibong epekto sa inyo o sa inyong anak. Ipapalagay na naibigay ang pahintulot kung nakumpleto ang CHEQ nang bahagi o nang buo.

Makukuha ang CHEQ sa Ingles, Pinasimpleng Tsino at Punjabi na may opsyon para mabasa nang malakas sa Ingles ang mga tanong.

Ano ang mangyayari kapag nakumpleto ninyo ang CHEQ?

May tatlong bahagi ang CHEQ: Kasama sa Part 1 ang mga tanong tungkol sa mga karanasan ng inyong anak, at gagamitin ito para sa mga report para sa indibiduwal, classroom, school at district. Ang impormasyon mula sa mga report na ito ay maaaring i-share sa school personnel. Sinusundan ng school personnel ang kanilang mga propesyonal na practice guideline upang pangalagaan ang personal na impormasyon ng inyong anak at ang mga report na ito ay hindi isasa-publiko. Kasama sa Part 2 ang mga tanong tungkol sa mga iba't ibang socio-economic na salik, (hal., pag-employo, edukasyon, kita) at ito ay kumpidensiyal. Ang inyong mga sagot sa mga tanong na ito ay hindi ibibigay sa school o district ng inyong anak. Tatanggalin ang pang-identify na impormasyon mula sa mga sagot na ito at ang datos na ito ay gagamitin para sa mga layunin ng pananaliksik lamang, upang maunawaan nang higit pa ang mga katangian ng inyong neighbourhood at komunidad. Part 3: Mga tanong sa COVID-19 Pandemic kung saan ang inyong mga sagot ay isasama sa mga iyon mula sa ibang mga magulang/caregiver at ibabahagi sa school personnel sa lebel ng school, school district at neighbourhood nang anonymously.

Paano pinoprotektahan ang inyong impormasyon?

Ginagamit ng school ang pangalan ng inyong anak upang isagawa ang CHEQ at para sa layunin ng pagpapalano ng school, ngunit hindi i-disclose ang pangalan ng inyong anak sa HELP para sa mga layunin ng pananaliksik. Kung ang impormasyon ng CHEQ ay gagamitin sa mga pananaliksik na publikasyon o mga pampublikong dokumento, ang inyong mga sagot sa mga tanong sa CHEQ ay isasama sa mga sagot mula sa mga ibang magulang/tagapag-alaga at ang inyong mga indibiduwal na sagot ay hindi ma-identify sa anumang paraan.

May pananagutan ang HELP na panatilihin ang datos ng CHEQ. Ang personal na impormasyon ng inyong anak ay panatilihin sa isang protektadong pananaliksik na kapaligiran sa UBC, upang magamit para sa mga aprubadong pananaliksik na proyekto **sa ilalim ng Pederal, Probinsyal/Teritoryal** na mga batas sa pagkapribado. Ang datos mula sa CHEQ ay maaaring i-link sa ibang data sa indibiduwal na lebel, tulad ng Early Development Instrument o Middle Years Development Instrument, upang matutunan ang tungkol sa mga salik na nag-iimpluwensiya sa kagalingan, kalusugan, at tagumpay sa school ng mga bata, **ngunit maaari lamang gamitin para sa pananaliksik, pagpapalano, o pagsusuri ng mga mananaliksik na aprubado ng HELP sa ilalim ng aprubadong Kasunduan sa Pananaliksik**. Ang datos sa indibiduwal na lebel ay i-share din sa BC Ministries of Government para sa paggamit sa pangkat na lebel lamang, para sa pananaliksik, pagsusuri ng programa at pagpapalano. Para sa mga alalahanin na kaugnay ng pagkapribado at seguridad ng datos ng CHEQ ng inyong anak, mangyaring kontakin ang Privacy Officer ng HELP sa privacy@help.ubc.ca.

Paano makikinabang ang inyong school at komunidad?

Ang impormasyon mula sa CHEQ ay makakatulong sa mga school, tagapagplano ng programa, at komunidad na magkaroon ng higit na kaalaman sa mga paraan ng paglikha ng mga maaagang karanasan upang matulungan ang mga bata na umunlad sa kanilang komunidad. Sa pagkumpleto ng CHEQ, ang mga magulang/tagapag-alaga ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon na kailangan ng mga komunidad upang kritikal na suportahan ang kanilang mga pamilya. Ang panahong ngayon ay walang katulad at ito ang panahon upang ituon natin ang ating pansin sa kalusugan at kagalingan ng mga bata. Ang istres at pagkagambala na dulot ng COVID-19 ay tunay na mga alalahanin. Kasama sa CHEQ ay ang mga tanong na kaugnay ng COVID-19 pandemic upang matulungan kaming maunawaan ang mga secondaryong epekto ng pandemic sa mga bata at mga pamilya. Ang pagkumpleto ng mga tanong na ito ay boluntaryo at ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring pumiling laktawan ang mga ito kapag kinukumpleto ang questionnaire.

Saan ka makakakuha ng higit pang impormasyon sa CHEQ Project?

Kung nais ninyong malaman ang higit pa tungkol sa CHEQ, mangyaring bumisita sa: <http://earlylearning.ubc.ca/cheq/>. Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa proyektong ito, mangyaring kontakin si Roberta O'Brien (Roberta.obrien@ubc.ca o 604-916-1051) o ako (alisa.almas@ubc.ca o 604-827-1518).

Kung mayroon kayong anumang alalahanin o reklamo tungkol sa inyong mga karapatan bilang kalahok sa pananaliksik at/o inyong mga karanasan habang lumalahok sa pag-aaral na ito, kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics sa University of British Columbia sa 604-822-8598, o e-mail RSIL@ors.ubc.ca o tumawag nang libreng tawag sa 1-877-822-8598.

Sumasainyo,

Dr. Alisa Almas, Ph.D.
Research Associate & Principal Investigator
CHEQ Project
Human Early Learning Partnership
School of Population and Public Health
University of British Columbia